

Creative Juices

Halos araw-araw ay pumupunta ako sa eskwela para matuto. Sa oras na nakatutok ang araw, ako ay umaakyat ng overpass para makapunta sa paaralan. Sa ilang buwan kong pagdaraan dito ay aking napagtanto na hindi lang ito isang ordinaryong overpass. Kundi puno ito ng mga kuwento ng iba't-ibang tao na salat sa kahirapan. Sa pagdaan ko'y marami na akong nasaksihan. Tulad ng nakaupo, nakahiga, at mayroon ding humahabol sa akin na bata o matanda para humingi ng barya.

Iyan ang mga pangkaraniwang pangyayaring nasaksihan ko. Hanggang dumating ang isang araw na may pumukaw ng aking atensyon. Dahil hindi lamang panlilimos ang kaniyang ginagawa kundi sinasabayan ito ng pag-awit ng mga bagong kantang tulad ng "Tagpuan". Ako'y nagulat sapagka't siya ay isang matandang babae at may taglay na magandang boses na alay niya para sa mga taong dumadaan dito. Ito'y naging paraan ni lola upang may marami siyang matanggap na barya.

Nakakatuwang tingnan si lola habang kumakanta pero nalulungkot ako sapagkat ito ay isang salamin ng kahirapan ng bansa. Dahil sa kahirapan ay may mga taong gumagawa ng mga gawaing ganito para mabuhay. Ang pag-awit ni lola ay hindi lamang para sa isang barya kundi ito na ang kaniyang buhay. Sana'y dumating na ang panahong wala nang mga tao pang naghihirap.

...taglay na magandang boses na alay niya para sa mga taong dumadaan



AWIT PARA SA BARYA

FRANCIS IAN IBABAO
Bangkas Heights, Toril, Davao City

Creative Juices



Bahay Sa Bundok

LEA B. MASAYDA

Amore Relocation Homeowners' Association, Inc.
(ARHOA)
Daraga, Albay

Ang tumira sa bahay sa bundok ay walang lungkot
Bago sumikat ang araw, nagsisimula nang gumalaw
Sinaing na kamote at mainit na kape
Masustansiyang pagkain na kawili-wili.
Pagkatapos ng almusal sa umaga
Sa taniman agad ang tungo nila
Pipitas ng prutas, kukuha ng gulay
Panghanda sa tanghalian ng pamilya.
Wala mang hamon na ulam na nakalaan
May native na manok at masarap na gulay.
Masayang kumakain nang sabay-sabay
Busog sa sarap, sabayan pa ng dighay.
Sa bundok, bahay ay matiwasay
Sapagka't walang traffic at mga ingay.
Aanhin pa ang marangyang bahay
Kung magnanakaw naman ang laging nakabantay.
Di baleng sabihing taong-bundok kaagapay
Basta't walang problema sa buhay.
Ang mahalaga, pamilya ay laging palagay
At tanging si Lord ang gabay sa buhay.

DIRTY HANDS

As sweat and tears collide
Her tired eyes try to open wide.
Time and attention could barely
divide

A mother doing her very best to
provide.

As stress and strain arrive
Her timid smile tries to strive.
Pain and agony come for the ride
A mother doing her very best to
survive.

As her kids come home to her side
Her dirty hands radiate love sublime.

Hugs and kisses find their way
A mother doing her very best for
the day.

The Writer

KARL CEDRIC UY
Videographer
Blk 4, Lot 19, Milagros Village,
Panabo City, Davao del Norte



KATANUNGAN SA LOOB NG HUGIS BILOG

Naiintindihan mo na ba ang takbo ng buhay?

Kung hindi pa, alamin mo na.
Upang malaman mo kung bakit
Nandito ka sa loob ng hugis bilog
Na nagbibigay katanungan sa iyo.

Kuntento ka na ba sa kinalalagyan mo?
May kasagutan na ba sa lahat ng katanungan mo?

Na sa bawat pag-ikot ng orasang nakasabit sa dingding
Kusang di mo namamalayang pabalik-balik na lang
At pinaikot-ikot ka na pala ng tadhanang mapaglaro sa mundong ito.

Mahirap kapag laging ganito, di ba?
Ito'y nagbibigay sakit ng ulo at kulubot sa noo.

Sa kalisip na kung ano nga ba ang dapat gawin

At kung sino ang dapat sisihin.

Mga katanungan na kailangang masolusyonan

Upang buhay natin ay mabigyan ng kasagutan.

The Writer

JONATHAN MIRAFUENTES

Milagros Village
Panabo, Davao City



PAGBABAGO

Sa isang proyektong pabahay, isang dahilan ng mga tao kung bakit ayaw nilang lumipat ay dahil takot sila sa pagbabagong hatid nito. Kontento na sila sa kung anuman ang nakasanayan nila at ayaw na nilang sumubok pa ng iba.

Isa sa pinakamahirap gawin ay ang magbago o sumunod sa bago. Ilan na bang oportunidad, pangarap o panahon ang nasayang at nawala sa atin dahil sa ayaw nating makisama sa pagbabago. Ayaw nating sumubok ng iba naman dahil ayaw nating tumaya sa buhay at yakapin ang pagbabagong hatid nito.

Dapat nating isipin na hindi lahat ng pagbabago ay masama. Mas madaling tanggapin ito kung titingnan natin kung anu-ano ang buting maidudulot nito. Dapat nating timbangin kung saan ba tayo mas uunlad. Dapat nating isipin kung anong makakatulong sa atin sa mas matagal na panahon kaysa sa mabuhay lang sa ngayon.

Hindi magbabago ang buhay mo kung hindi mo din babaguhin ang pagpapalakad nito. Ayon nga sa nabasa ko, “It is stupidity to expect different outcome by doing the same thing over and over again.”

The Writer



JOSEPHINE A.LEDOUX

Brgy. Bakhaw, Mandurriao,
Iloilo City
Former Livelihood Officer A, February 2017
NHA Iloilo Project Office